Education & Communities

## Getting ready for school

A guide for parents of a child with disability

# Paghahanda para sa pag-eeskwela

Isang patnubay sa mga magulang ng batang may kapansanan







Filipino



Ang pagsisimula ng Kindergarten ay isang napakasayang hakbang sa buhay ng bawat bata. Ang pagpili ng paaralan para sa inyong anak ay isang malaking desisyon lalo na sa mga magulang ng mga batang may kapansanan na kung saan ang proseso ay lalong masalimuot.

Itong patnubay ay ginawa upang makatulong sa inyo na dumaan sa proseso ng paghahanda at pagpili ng isang paaralang pinakamahusay na makatugon sa mga pangangailangan ng inyong anak.

## Saan magsisimula

- Kung kayo ay may anak na may kapansanan, inirerekomenda na tumawag sa pinakamalapit na paaralan sa inyong lugar o ang opisina ng rehiyon 12 buwan bago magsimulang mag-eskwela ang inyong anak. Magbibigay ito sa inyo ng sapat na panahon upang mapag-usapan sa mga kinaukulang kawani ang mga natatanging pangangailangan sa edukasyon at suporta ng inyong anak.
- Kung may mga natatanging pangangailangan para sa paggalaw ng inyong anak, inirerekomenda na tumawag sa inyong lokal na paaralan o opisina ng rehiyon dalawang taon bago magsimula mag-eskwela ang bata. Nagbibigay ito ng sapat na panahon sa Kagawaran upang makatiyak na ang mga mapagpipiliang pagkukunan sa pag-aaral ng inyong anak ay malaman at mapaghandaan kung magsimula nang mag-eskwela ang inyong anak.
- Sa pakikipagkita ninyo sa prinsipal, dalhin ang mga pinakabagong pagtatasa sa paggamot at pagka-alaga ng inyong anak upang mabasa nila.
- Kausapin ang mga kasapi ng inyong pansuportang ugnayan (halimbawa: kapamilya, mga kaibigan, doktor, peydiyatrisyan (paediatrician) taga-pagsalita, ugnayan ng mga may kapansanan, manghihilot, sikolohista (psychologist), masahista, doktor sa pagsasalita) at mga katulad ninyong magulang na may anak ding may kapansanan tungkol sa kanilang mga naging karanasan.
- Ang inyong 'preschool' o iba pang mga serbisyong pambata ay maaari ding tumulong sa pagsisimulang mag-eskwela ng inyong anak. Kung ang inyong anak ay hindi matulungan ng mga serbisyong ito, tumawag sa pinakamalapit ninyong paaralan o opisina ng rehiyon na maaaring makapagbigay ng isang natatanging programa sa paghahanda ng pag-eskwela (special transition to school program) sa inyong lugar. Matawagan ang opisina ng rehiyon mula sa inyong bahay sa telepono 131 536.





## Mga mapagpipilian sa pagpapatala

- Sa buong NSW, ang Departamento ng Edukasyon at mga Komunidad (Department of Education and Communities) (DEC) ay nagbibigay ng mga ibat-ibang serbisyo upang masuportahan ang mga estudyanteng may mga natatanging pangangailangan.
- Bilang isang magulang o tagapag-alaga ng isang batang kumpirmadong may kapansanan, kayo ay maaaring pumili sa mga sumusunod na uri ng edukasyon:
  - Ang pinakamalapit  na paaralan sa inyong lugar
  - Isang natatanging klase sa loob ng karaniwang paaralan
  - Isang natatanging paaralan (Paaralang May Mga Natatanging Layunin)(School for Specific Purposes)

## Pagpili ng tamang paaralan

Tumutulong ang prinsipal ng paaralan, na may pagsasangguni sa pangkat sa pag-aaral at pagsuporta sa paaralan, sa inyo na maghanap ng tamang paaralan para sa inyong anak, ikinikunsidera ang inyong pinili, ang mga tanging pangangailangan sa pag-aaral at suporta ng inyong anak at ang mapupuntahang pinakamalapit na serbisyo ng mga espesyalista. Ang pinakamalapit sa inyo na opisina ng rehiyon ay makakatulong din sa inyong pumili ng mga nararapat para sa inyong anak.

## Pagpapatala sa isang batang may kapansanan

- Ang pagpapatala sa isang karaniwang klase ay gagawin sa pinakamalapit na paaralan.
- Ang pagpapatala sa isang natatanging klase o paaralan ay dadaan sa proseso ng isang pangkat ng pagpapatala sa rehiyon (regional placement panel).
- Ang impormasyon tungkol dito ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pagtawag sa opisina ng rehiyon sa 131 536 mula sa inyong telepono sa bahay.

## Paggawa ng isang listahan

- Maaari ninyong magamit ang“online school locator” (lokasyon ng paaralan na makikita sa kompyuter) upang matukoy ang inyong lokal na paaralan sa www.schools.nsw.edu.au/schoolfind/locator/ Dito, maaari kayong maghanap ng uri ng paaralan para sa natatanging mga paaralang kilala bilang ‘schools for specific purposes,’ngunit tandaan na ang pagpapatala dito ay kailangang maproseso sa opisina ng rehiyon. Maaari ninyong tawagan ang opisina ng rehiyon sa131 536 mula sa inyong bahay.
- Makipagkita sa inyong prinsipal upang mapag-usapan ang tungkol sa mga mapagpipilian at natatanging pangangailangan ng inyong anak. Maraming mga magulang ang may kasamang isang kaibigan o kamag-anak bilang suporta nila.
- Dalhin ang lahat ng mga pinakabagong pagtatasa sa kalusugan sa miting na ito upang maibahagi ito sa mga kawani ng Kagawaran.
- Maaari kayong maghanda ng listahan ng mga tanong at problema tungkol sa mga pangangailangan sa pag-aaral ng inyong anak para mapag-usapan sa miting.



## Karagdagang suporta

Kung ang inyong anak ay may kapansanan o problema sa pag-aaral at kailangan nang dagdag na suporta sa paaralan, tawagan lamang po ang prinsipal ng paaralan o ang lokal na opisina ng rehiyon.

Ang mga magulang at tagapag-alaga ay mahalagang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa mga lakas, abilidad at pangangailangan ng kanilang anak. Ang mabisang pagtutulungan ng mga magulang at paaralan ay kadalasang nauuwi sa mas magandang hantungan para sa mga estudyante.

Ang pangkat sa pag-aaral at suporta ng bawat paaralan ay tumutulong sa mga guro sa silid-aralan na matugunan ang mga pangangailangan  ng kanilang mga estudyante. Ang mga magulang at tagapag-alaga ay may napakamahalagang katungkulan sa ginagawa ng pangkat  pansuporta sa pag-aaral sa pamamagitan ng mga talakayan at pagpaplano para sa pangangailangan ng kanilang mga anak.

Ang mga pampublikong paaralan sa NSW ay nagbibigay ng dagdag na suporta sa mga estudyanteng may kapansanan o sa may problema sa pag-aaral sa maraming paraan sang-ayon sa pangangailangan ng bawat estudyante.

Kasama sa mga suportang ito ang:

- mga pagbabagong gagawin ng mga guro sa silid-aralan sa kanilang mga programa sa pagtuturo at pag-aaral sa bawat araw
- paggamit sa mga espesyalista na tumulong sa estudyante at nang kanilang mga guro
- karagdagang tulong sa silid-aralan mula sa mga pansuportang kawani
- ang pagbibigay ng mga espesyalistang materyal at kagamitan
- pagkakaroon ng mga pang-espesyalistang pagsasanay sa mga guro at kawaning pansuporta.

# Lubos na pagkakabiyaya mula sa eskwela

- Kung napili na ninyo ang paaralan para sa inyong anak, maging lubos na kasali kayo dito. Magtaguyod ng isang positibong ugnayan sa mga guro at paaralan ng inyong anak. Ito ay makakatulong sa mga kawani ng paaralan na lalong makilala kayo at ang inyong anak.
- Regular ninyong tinatawagan ang guro upang patuloy na pinag-uusapan ang programa sa pag-aaral at pag-uunlad ng inyong anak at anumang mga bagong problema na maaaring mangyari mula sa inyo o sa paaralan.
- Pag-usapan ang pinakamahusay na paraan upang magkaroon ng magandang komunikasyon sa pagitan ng inyong bahay at paaralan. Bilang magulang, kayo ang nakakakilala nang lubos sa inyong anak. Maging pinaka-maigting kayong taga-suporta niyo.
- Kung kailangan ang isang interpreter upang tumulong sa inyo na matawagan ang paaralan, tawagan lamang po ang Serbisyo ng Interpreter sa Telepono (Telephone Interpreter Service) sa131 450 at humingi ng interpreter ng inyong wika. Ang opereytor ay siyang tatawag sa paaralan at may interpreter sa telepono na tutulong sa pakikipag-usap ninyo. Kung maaari, ang paaralan ay tatawag ng interpreter para sa miting sa paaralan kung hihilingin ninyo. Ang mga serbisyong ito ay walang bayad.








## Iba pang mga mapagkukunan

- www.schools.nsw.edu.au/gotoschool/enrolment/index.php (website sa Ingles)
- Sino Ang Magtuturo Sa Aking Anak ? (Who's Going to Teach My Child?) (Sa Ingles lamang) www.schools.nsw.edu.au/media/downloads/schoolsweb/studentsupport/programs/lrngdificulties/whoteach.pdf
- Mahalagang Tulay DVD (Critical Bridges DVD) (Sa Ingles lamang) www.det.nsw.edu.au/detresources/critbridges_YKSeRaDPnn.pdf
- DVD tungkol sa Pagsisimula ng Pag-eskwela (Starting School DVD) (May pagkukunan sa mga wikang Arabo, Kantonis, Dari, Dinka, Ingles, Koryano, Mandarin at Biyetnamis). Tawagan ang Gowrie NSW sa (02) 8571 9700 kung mag-order ng kopya.

**NSW Department of Education and Communities**

**Mga matatawagang numero sa opisina ng rehiyon**
**Regional office contact numbers**

| | |
|---|---|
| Hunter/Central Coast | 4924 9999 |
| Illawarra & South Coast | 4222 2929 |
| New England | 6755 5934 |
| North Coast | 6652 0500 |
| Northern Sydney | 9886 7690 |
| Riverina | 6937 3871 |
| South Western Sydney | 9796 5446 |
| Sydney | 9217 4877 |
| Western NSW | 6841 2110 |
| Western Sydney | 9208 9359 |

# Mga matatawagan (My contacts)

Paaralang lokal: (Local school:)

Pangalan ng Prinsipal: (Principal name:)

Telepono: (Phone:)

Mga ulat: (Notes:)

Opisina sa rehiyon: (Regional office)

Pangalan ng matatawagan: (Contact name)

Telepono: (Phone:)

Mga ulat: (Notes:)

© April 2012
NSW Department of Education and Communities

GPO Box 33
Sydney NSW 2001
Australia
T (02) 9561 8000
www.det.nsw.edu.au

NSW GOVERNMENT | Education & Communities